**LESSON 7: ANG BANAL NA ESPIRITU**

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Gaano kahalaga sa iyo ang pag-eebanghelyo? Ano ang ginagawa mong strategy para makapag-ebanghelyo sa iyong OIKOS o FANS?
   Oikos – Salitang Griego na ang ibig sabihin ay Kaibigan, Kasama, Pamilya
   FANS – Family, Acquaintances / Associates, Neighbors, Special Friends & People
2. Ano ang mga tukso na pinaglalabanan mo sa nakalipas na isang buwan? Ano ang ginagawa mo patungkol dito?
3. Gaano kahalaga s aiyo ang presensiya at tulong ng Banal na Espiritu?

**Magtalaga ng bibigkas ng Memory Verse.**

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Gawa 5:3-4**
   Sinabi ni Pedro, "Ananias, bakit napadaig ka kay Satanas at nagsinungaling ka sa Espiritu Santo, at itago ang bahagi ng pinagbilhan ng lupa?
   4Nang ito'y hindi pa nabibili, hindi ba iyon ay nanatiling iyo? At nang maipagbili na, hindi ba nasa iyo ring kapangyarihan? Bakit inisip mo pa ang bagay na ito sa iyong puso? Hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Diyos."

2. **1 Corinto 3:16-17**
   Hindi ba ninyo nalalaman na kayo ay templo ng Diyos, at ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo?
   Kung ang sinuman ay magtangkang gumiba sa templo ng Diyos, ang taong ito'y gigibain ng Diyos, sapagkat ang templo ng Diyos ay banal, at ang templong ito ay kayo.

3. **Efeso 1:13-14**
   Sa kanya'y kayo rin naman, na nakarinig ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, at kayo na sumampalataya sa kanya, ay tinatakan ng ipinangakong Espiritu Santo.
   Siya ang katibayan ng ating mana, hanggang sa ikatutubos ng pag-aari, sa ikapupuri ng kanyang kaluwalhatian.

4. **Roma 8:14-16**
   Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Diyos ay sila ang mga anak ng Diyos.
   Sapagkat hindi kayo tumanggap ng espiritu ng pagkaalipin upang muling matakot, kundi tumanggap kayo ng espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y tumatawag tayo, "Abba! Ama!"

5. **Juan 16:13-15**
   Subalit kapag dumating na ang Espiritu ng katotohanan, papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan. Sapagkat hindi siya magsasalita nang mula sa kanyang sarili, kundi ang anumang bagay na kanyang marinig, iyon ang kanyang sasabihin at kanyang ipahahayag sa

inyo ang mga bagay na darating. Luluwalhatiin niya ako, sapagkat kanyang tatanggapin ang sa akin, at sa inyo'y ipahahayag niya. Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay akin, kaya sinabi ko na kanyang tatanggapin ang sa akin, at sa inyo'y ipahahayag.

6. **Gawa 1:8**
   Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa.”

7. **Galacia 5:22-23**
   Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan.

   **Tanong:**
   Bakit mahalaga nap ag-aralan natin ang patungkol sa Banal na Espiritu?

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang Banal na Espiritu ay Diyos. Siya ang Pangatlong Persona sa kalikasan ng Diyos.
2. Ating tinanggap ang Espiritu Santo ng tayo ay manampalataya kay Kristo. Ang Banal na Espiritu ay nananahan sa lahat ng anak ng Diyos - - tayo ay Kanyang templo. Ang hindi anak ng Diyos ay walang Banal na Espiritu.
3. Ang Banal na Espiritu ay siyang ating tagapaguro, tagapag paliwanag, at tagapagpaalala ng katuruan ni Hesus.
4. Ang Banal na Espiritu ang magbibigay sa atin ng kapangyarihan upang mag-ebanghelyo at magmisyon sa lahat ng dako.
5. Ang bunga ng Banal na Espiritu ay kailangan natin upang maranasan ang pagbabago ng buhay bilang isang Kristiyano.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga s aiyo na nais mong bahaginan ng mga lessons. Siguraduhin na mayroon na 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Ipag-ayuno ang mga tao na nais mong turuan ng mga lessons.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Ibahagi ang Lesson 1 sa mga malalapit na kamag-anak o kaibigan.

e. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Gawa 1:8 / Galacia 5:22-23

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Mateo 24:37-38)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.